LIBRE
Isyu 01
Enero 2023

# VALENZUELA NGAYON

**Tuloy ang Progreso**

# UNANG 100 ARAW NG PANUNUNGKULAN



# MGA NILALAMAN


01 - MENSAHE

02 EDUKASYON
TULOY ANG DE-KALIDAD NA EDUKASYON

04 - TEACHING CAMP: PAGPAPASIGLA SA KAKAYAHAN NG GURO
05 - READING CAMP: NAGBABALIK LABAN SA KAMANGMANGAN
06 - SCHOOL SUPPLIES DISTRIBUTION
- ALS GRADUATION AT BAHAY KALINGA
- ALS KIT DISTRIBUTION
07 - VCGUROAKO LAPTOP DISTRIBUTION
08 - TURN-OVER OF TABLETS TO PLV AND VALPOLY LATIN HONORS
- FIRST MOBILE E-LEARNING HUB
09 - EDUCATION SUMMIT 2022
10 - READ-A-LOUD ACTIVITIES WITH NORWEGIAN AUTHORS
11 - PLV 20th FOUNDING ANNIVERSARY

12 KALUSUGAN
TULOY ANG PAG-AHON SA PANDEMYA

14 - PINASLAKAS! PARA SA MAS LIGTAS NA BUKAS!
- INSENTIBO! PARA SA VALENZUELANO SENIOR CITIZENS
15 - VALENZUELA, LIGTAS SA DENGUE
- MANGGAGAWANG VALENZUELANO, LIGTAS SA TB!
16 - WES OLYMPICS: TAGISAN NG GALING NG MGA ATLETANG VALENZUELANO
17 - VC MUSIC FESTIVAL 2022
18 - WES ARENA WALL OF FAME
- VALENZUELANO PARALYMPIAN MEDALIST SA 11th ASEAN PARA GAMES, KINILALA
19 - UNIFORMED PERSONNEL FITNESS PROGRAM
- 2022 MEGA ZUMBA: MAG-WESXERCISE TAYO!

20 EKONOMIYA
TULOY ANG PROGRESO

22 - THE NEW FINANCE CENTER BUILDING
23 - THE NEW LEGISLATIVE AND PEOPLE'S CENTER BUILDING
24 - MAYOR WES BIRTHDAY MEGA JOB FAIR
- CIVIL SERVICE MONTH MEGA JOB FAIR
25 - TULONG SA MGA TODA: FUEL SUBSIDY

26 LIVEABILITY AND ECOTOURISM
TULOY ANG PAGYABONG NG LUNGSOD

27 - BISIG BARANGAY HALL
28 - MGA BAGONG PASILIDAD PARA SA MAS MALAWAK NA PAG-UNLAD

30 SOCIAL SERVICES
TULOY ANG KALINGA

31 - NATIONAL CHILDREN'S MONTH 2022
32 - GOVERNMENT INNOVATION EXCHANGE PROGRAM
33 - DOT BOT
34 - PASKO SA HULYO PARA KAY LOLO AT LOLA
35 - SOLO PARENTS 'DI NA NAG-IISA
- VALENZUELANO CENTENARIANS

36 HOUSING AND RESETTLEMENT
BAGONG BAHAY, BAGONG BUHAY

37 - DISIPLINA VILLAGE CLOSING CEREMONY
- STUDY TOUR SA SINGAPORE

38 PEACE AND ORDER
TULOY ANG KAAYUSAN SA SIYUDAD NA LIGTAS-SIGURADO

40 - BULLET ALLOWANCE
- KAPULISANG MAY KASANAYAN
41 - UN SPECIAL RAPPORTEUR ON SEXUAL EXPLOITATION OF CHILDREN
42 - VALENZUELA: AKTIBO, PROGRESIBO!
43 - CITY COUNCIL AT WORK



VALENZUELA NGAYON
Tuloy ang Progreso

Inilalathala simula Setyembre 2004

*Publisher* City Government of Valenzuela
*City Mayor* WES Gatchalian
*Chief-of-Staff* Arch. Benjamin P. Gamaro
*Public Information Officer/Editor-in-Chief* Lauro Zyan F. Caiña

*Writers*
William A. Chua, Mary Margaret D. Magat, Regino B. Morata, Jr., Jenny C. Taborda
*Art Director*
Joel A. Soriano
*Graphic Artist*
Andy M. Frencillo
*Photographers*
Resty Robert N. Castro, Kenneth Vincent A. Cruz, Percival R. De Guzman, Rafael M. Delfino, Kaye R. Magno, Charles B. Quebrar, Clinton F. Ramos, Jonnel L. Sunga
*Researchers*
Chucky Jayson DG. Jumalon, Cheryl L. Lapu-lapu
*Research Assistants*
Rico Fernandez, Ramon D. Santos III
*Circulation Manager*
Clairidy C. Pinto
*Distribution*
Ronald A. Delino, Ronnel B. Esguerra
*Acknowledgment*
Office of Senator WIN Gatchalian, Digital Communications Office, Local Disaster Risk Reduction and Management Office

Inilalathala ang **Valenzuela Ngayon** magasin ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela sa pamamagitan ng *Public Information Office* at may tanggapan sa 3rd Floor, Executive Building, The City Hall, MacArthur Highway, Barangay Karuhatan, Valenzuela City.



© Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela, Abril 2022



valenzuela.gov.ph
info@valenzuela.gov.ph
Valenzuela City
@valenzuelacity
8 8352-1000 locals 1132, 1138 & 1410
8 8292-9168







## PANUNUMPA, PAGSASALIN, PAGPUPUGAY

Pinangunahan ni Senator Imee Marcos ang panunumpa sa panunungkulan ng mga bagong halal na pinuno ng Lungsod noong Hunyo 29, 2022 sa WES Arena.

Kasabay ng pagdiriwang na ito ay binigyang pugay rin ang mga nagsipagtapos na lingkod bayan ng lungsod.




# TULOY ang PROGRESO!

Maraming salamat, mga minamahal kong Valenzuelano, para sa inyong suporta sa ating bagong administrasyon.

Ako ay tunay na mapalad na mabigyan ng pagkakataong makapaglingkod sa inyo at sa ating Lungsod. Ito ang siyang magbibigay daan sa ating iisang misyon na magkaroon ng maunlad at tuloy na progreso sa ating lungsod na minamahal.

Sa aking unang isandaang araw ay sinimulan ko na ang aking mga programa na may layuning magpaunlad pa ng mga nasimulan nang proyekto ng ating mga nakaraang administrasyon. Maliban sa aking mga sariling programa ay itutuloy ko ang mga kapaki-pakinabang na mga proyekto ng Lungsod, at susubukan pang higitan ang mga ito para sa tuloy na pagpapayabong ng ating Lungsod.

Sa unang linggo pa lamang ng aking paglilingkod ay inilahad ko na ang aking misyon na tutukan ang ilan sa mga haligi para sa tuloy na progreso ng ating Lungsod. Naniniwala ako na ang pagtutok sa pagkakaroon ng Lungsod na kaaya-aya, maayos na serbisyong pangkalusugan at kagalingang pantao, disenteng pabahay, de-kalidad na edukasyon, at episyenteng serbisyong panlipunan ay ang daan para sa maunlad na bayan.

Sa pamamagitan ng magasin na ito, hayaan ninyong ihayag ko ang ilan sa mga programang nasimulan na ng ating administrasyon sa tulong ng inyong aktibong partisipasyon para sa ikabubuti ng ating Lungsod.

Mga mahal kong Valenzuelano, samahan ninyo akong abutin at pagtagumpayan ang ating mithiin tungo sa isang maayos, maunlad, at progresibong Valenzuela.

Mula sa masigasig na simula at mabilis na asenso, sama-sama tayo para sa tuloy-tuloy na progreso.

Maraming Salamat po!

**Mayor WES Gatchalian**
*Lungsod ng Valenzuela*

EDUKASYON


# TULOY ANG DE-KALIDAD NA EDUKASYON



Bawat batang Valenzuelano ay nararapat sa de-kalidad na edukasyon. Walang batang maiiwan. Sa paglulunsad ng Education 360 Degrees Investment Program taong 2014, binago nito ang sistema ng pampublikong edukasyon ng lungsod. Ito ay holistiko, komprehensibo, at nakasentro sa mag-aaral na nagpaigting sa mga dati nang ipinatutupad na programa sa edukasyon at nagpakilala pa ng mga bagong inobasyon upang matugunan ang suliranin sa public education na nadaragdagan sa bawat usad ng taon.






Tuloy-PROGRESO, Valenzuela!
EDUCATION 360°
Valenzuela City
ReadingCAMP
EDUCATION PROJECT OF CITY GOVERNMENT OF VALENZUELA
LEAD BY MAYOR WES GATCHALIAN


SAFE SCHOOL ZONE
EMERGENCY
FIRST AID KIT






Teaching CAMP

# PAGPAPASIGLA SA KAKAYAHAN NG GURO

Ang taunang **Teaching Camp** ay nagbalik bilang paghahanda sa muling paglunsad ng **Valenzuela Reading Camp 2022**. Ang mga teacher-volunteer ay sinanay ng "Valued Partner in Education" ng lungsod – ang **Synergeia Foundation**. Sumailalim ang mga guro sa mga epektibong estratihiya at aktibidad upang paghusayin ang kanilang kakayahan na maaari nilang magamit sa Valenzuela Reading Camp.




◀
*Bilang katuwang ng mga guro sa mga gaganaping sesyon ng Valenzuela Reading Camp, lumahok ang mga boluntaryong mag-aaral mula sa Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela at nagsilbing teacher aide ng mga bata.*










# Reading CAMP
# NAGBABALIK LABAN SA KAMANGMANGAN




Sa pagbabalik ng **Valenzuela Reading Camp**, ang mga batang na-assess bilang frustrated level readers at non-readers ay sumailalim sa ten-day half-day session upang tugunan ang kanilang suliranin sa pagbabasa at pang-unawa, at payabungin ang kanilang interes sa pagbabasa.

| Non-readers/Frustrated readers | | | |
|---|---|---|---|
| Year | Pre-Test | Post-Test | Improvement |
| 2014 | 15,842 | 2,485 | 84.31% |
| 2015 | 15,953 | 848 | 94.68% |
| 2016 | 6,375 | 839 | 86.84% |

| Non-readers/Frustrated readers | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Year | Participants | Pre-test Score (Mastery Level | Pre-test Score (Mastery Level | % Increase |
| 2017 | 13,094 | 70.77% | 84.89% | 14.12% |
| 2018 | 18,651 | 71.30% | 90.14% | 18.84% |
| 2019 | 6,463 | 62.93% | 83.52% | 32.72% |
| 2022 | 8,681 | 79.83% | 91.98% | 15.13% |



*Ang mga mag-aaral na aktibong lumahok at nakakumpleto ng 10 araw na sesyon ng Valenzuela Reading Camp ay nakatanggap ng Jollibee gift certificate bilang insentibo at para makapagdiwang ng kanilang pagtatapos kasama ang kanilang pamilya.*





# SCHOOL SUPPLIES DISTRIBUTION

Bilang paghahanda sa muling pagbabalik ng face-to-face classes, noong Agosto 22, 2022 ay namahagi ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela ng libreng school supplies sa lahat ng mga mag-aaral sa mga pampublikong eskwelahan sa lungsod.

Ito ang taunang **Balik-Eskwela Project** na bahagi ng Education 360 Degrees Investment Program.

INKLUSIBONG EDUKASYON

# ALS GRADUATION at BAHAY KALINGA

Ang mga estudyante ng **Alternative Learning System** mula sa Bahay Kalinga at Bahay Pagasa ay nakatapos na sa kanilang pag-aaral.

Sa kabuuan, para sa S.Y. 2021–2022, ang Lungsod ng Valenzuela ay mayroong tinatayang **743 completers ng ALS**. 89 dito ay nagtapos ng elementarya habang 654 ang nakapagtapos ng Junior High School.











# ALS KIT DISTRIBUTION





Tinatayang nasa 2,000 estudyanteng enrolled sa Alternative Learning System (ALS) ang nakatanggap ng libreng school supplies na makatutulong sa kanilang pag-aaral. Sa kasalukuyan, ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela ay mayroong 47 Community Learning Centers na nakakalat sa bawat barangay sa Lungsod.




# VC GuroAko
Valenzuela City Digital Education Portal

## LAPTOP DISTRIBUTION

Higit **4,000 gurong Valenzuelano** ang nakatanggap ng **VCGuroAko laptop** na may pre-installed na **VCGuroAko App**. Ito ang kauna-unahang LGU-initiated digital education portal sa bansa. **Ang VCGuroAko App** ay nakabalangkas upang magbigay ng kadalian sa mga guro sa bagong normal na paraan ng pagkatuto at pagtuturo ngayon. Nakapaloob dito ang grades encoding, announcements, events calendar, lesson plans, class records, at reports generation na magiging kapaki-pakinabang upang mapagaan ang trabaho ng mga guro.










# TURN-OVER OF TABLETS TO PLV and VALPOLY LATIN HONORS

Namigay ang Pamahalaang Lungsod ng tablets bilang insentibo sa mga estudyante mula sa Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV) at Valenzuela City Polytechnic College (ValPoly) na nagsipagtapos at nagkamit ng akademikong pagkilala tulad ng Summa Cum Laude, Magna Cum Laude, at Cum Laude.








# FIRST MOBILE E-LEARNING HUB

## Proyekto Para sa Kabataan, Mula sa Kabataan

Inilunsad sa pakikipagtulungan ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Gen. T. De Leon ang **JUST E-Connect** o mobile education hub na tulad ng isang mobile na computer shop. Isa itong air-conditioned van na may mga laptop, television set, printer, at isang photocopying machine. Ito ay sadyang ginawa na maliit upang madaling makadaan sa mga makitid na eskinita at maabot ang pinakaloob na sulok ng komunidad. Layunin nitong mapadali ang pagsasaliksik at edukasyon na walang gastos para sa mga nangangailangang mag-aaral, lalo na sa mga walang access sa internet data at gadgets.

Ang pondo ay nagmula sa Galing Pook Award cash prize na napanalunan ng lokal na pamahalaan para sa Valenzuela Live noong Oktubre 2021.






# EDUCATION SUMMIT 2022










Sa naganap na **Valenzuela City Education Summit** ay inilatag ng Punong Lungsod ang mga plano at programa ng pamahalaan para sa kinabukasan ng pampublikong edukasyon ng lungsod.

Sa pamamagitan ng Education Summit ay naipapahatid ng mga partner ng lungsod mula sa mga business sector, Parents-Teachers Association (PTA), Solo Parents Group, Senior Citizens Association, SPED parents, Principals, Teachers, Students, at Stakeholders ang kanilang mungkahing mga proyekto na maaaring makatulong sa lumalaking pangangailangan ng sektor ng edukasyon sa lungsod.

**Ang mga programa ng Punong Lungsod para sa Edukasyon:**

- BIG BROTHER, BIG SISTER TEACHING PROGRAM
- LOLO'T LOLA TEACHING PROGRAM
- SOLO PARENT TEACHING PROGRAM
- DEVELOPMENTAL PROGRAM






# READ-A-LOUD ACTIVITIES with NORWEGIAN AUTHORS

Bumisita ang dalawang **multi-awarded Norwegian authors** upang basahin ang kanilang mga akda para sa mga mag-aaral na Valenzuelano sa Marulas Central School. Matapos nito, ang kanilang mga iginuhit at isinulat na libro ay inihandog nila sa library ng paaralan.

Ang pagtanggap ng mga libro ay pinangunahan ni Mayoress Tiffany Gatchalian kasama sina Councilor Niña Lopez, Marulas Central School Principal Josie Fernando, at Schools Division Superintendent Dr. Meliton Zurbano.




**EVERYBODY COUNTS**
***- Kristin Roskifte***
*Author and illustrator*




**BROWN**
***- Håkon Øvreås***
*Author*



















# CDPC Achiever for LUCs

GAWAD PARANGAL 2022

EDUKALIDAD: Parangal sa Kahusayan



**ENGR. GINO ANTHONY S. DAYO, RME**

*Barangay Lingunan*

**TOP 3** 90.65% Rating
Bachelor of Science in Electrical Engineering

Registered Electrical Engineer Licensure Examination
*September 2022*

Institutional Passing Rate: **63.64%**

# PLV 20th FOUNDING ANNIVERSARY

Bilang ang de-kalidad na edukasyon ang isa sa mga prayoridad ng lokal na pamahalaan ay ipinasa ng Sangguniang Panglungsod ang City Ordinance No. 14, S. 2002, ang pagpapatatag ng Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV) noong Hunyo 5, 2002.

Ngayong taong 2022 ay idinadaos ng PLV ang ika-20 Anibersaryo ng Pagkakatatag na may temang **PLV@20: Agile, Responsive, and Future-Ready.**

Bahagi ng tatlong araw na selebrasyon ay ginanap ang misa pasasalamat, pagtatayo ng mga booth ng mga organisasyon ng mga mag-aaral sa loob ng Pamantasan, webinars, mga palarong pinoy, zumba, dance contest, at Mr. and Ms. PLV.






















K A L U S U G A N

# TULOY ANG PAG-AHON SA PANDEMYA

Patuloy na umaahon ang mga Valenzuelano mula sa mga pasakit na idinulot ng pandemyang COVID-19 simula noong 2020. Bilang isang progresibong lungsod, patuloy ang pagtugon ng Pamahalaang Lungsod sa mga napapanahong pagbabago para sa ikabubuti ng mga Valenzuelano. Kaugnay nito, maraming proyekto na ang nailunsad ng lungsod para sa mas malaya at masiglang komunidad. Mula sa pagpapaluwag ng paggamit ng facemask at ValTrace, hanggang sa pagpapalaganap ng bakunahan sa lungsod, ay walang maiiwang Valenzuelano sa pag-ahon mula sa pandemya.






## PAGKILALA MULA DEPARTMENT OF HEALTH (DOH)

*Kinilala ng DOH ang Lungsod ng Valenzuela para sa mga kontribusyon nito sa pagpapalakas ng mga repormang naaayon sa pagkamit ng iba't ibang programang pangkalusugan na nagpalaganap ng Universal Health Care sa National Capital Region (NCR).*

*Pinarangalan ng DOH-MMCHD ang Lungsod ng Valenzuela para sa natatangi nitong suporta sa pagpapalaganap ng Disaster Risk Reduction Management for Health tungo sa pagiging handa sa pagresponde at pag-ahon mula sa mga kaganapang pangkalusugan.*





| #AlagangValenzuelano Medical Mission | | |
|---|---|---|
| PETSA | LUGAR | BILANG NG PASYENTENG NATUGUNAN |
| Agosto 20, 2022 | Elysian, Brgy. Marulas | 366 |
| Setyembre 17, 2022 | Isla Covered Court, Brgy. Isla | 343 |
| Oktubre 22, 2022 | Lingahan, Brgy. Malanday | 738 |
| Nobyembre 27, 2022 | Bartolome, Brgy. Veinte Reales | 279 |
| | A. Marcelo, Brgy. Dalandanan | 307 |
| Disyembre 3, 2022 | Filrezam, Brgy. Canumay West | 399 |
| | Grand Total | 2,432 |









SA BOOSTER PINASLAKAS

VC Vax The Valenzuela City COVID-19 Vaccines Rollout Plan

# PinasLakas!

## PARA SA MAS LIGTAS NA BUKAS!

Bilang suporta sa inisyatibo ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. at sa **PinasLakas Campaign ng Department of Health (DOH),** pinangunahan ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela ang pagpapalaganap ng bakunahan sa lungsod. Ang kampanyang ito ng DOH ay naglalayong mabakunahan ng unang booster ang **50%** ng mga indibidwal na maaari nang tumanggap nito habang **90%** ng mga senior citizens ang dapat mabakunahan na ng 2nd Booster Dose.

| Bakuna | Bilang ng mga Nabakunahan | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | A1 | A2 | A3 | A4 | A5 | Total |
| First Dose | 5,053 | 44,722 | 257,668 | 147,474 | 50,754 | 505,671 |
| Second Dose | 4,602 | 49,213 | 228,705 | 175,458 | 45,831 | 503,809 |
| First Booster | 3,811 | 26,012 | 63,972 | 74,067 | 658 | 168,520 |
| Second Booster | 2,269 | 12,641 | 7,557 | 372 | — | 22,839 |
| **as of November 9, 2022* | | | | | Grand Total | 1,200,839 |

| Teen Edition | | | |
|---|---|---|---|
| Bakuna | Bilang ng mga Nabakunahan | | |
| | A3 Pediatrics | Rest of Pediatrics Population | Total |
| First Dose | 2,021 | 59,388 | 61,409 |
| Second Dose | 868 | 58,570 | 59,438 |
| First Booster | 167 | 4,831 | 4,998 |
| **as of November 9, 2022* | | Grand Total | 125,845 |

| Kids Edition | | | |
|---|---|---|---|
| Bakuna | Bilang ng mga Nabakunahan | | |
| | A3 Pediatrics | Rest of Pediatrics Population | Total |
| First Dose | 1,445 | 32,143 | 33,588 |
| Second Dose | 960 | 30,318 | 31,278 |
| **as of November 9, 2022* | | Grand Total | 64,866 |

# INSENTIBO!

## BAKUNADONG VALENZUELANO SENIOR CITIZENS

Simula Agosto 1, 2022 ay pinangunahan ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela ang pamamahagi ng insentibong gift certificate para sa mga Valenzuelano Senior Citizens na magpapabakuna ng kanilang mga booster dose. Ang mga senior citizens na nagpabakuna ng **unang booster dose** ay nakatanggap ng **300 pesos South Supermarket gift certificate**, samantalang ang mga nagpabakuna ng **ikalawang booster dose** ay nakatanggap ng **500 pesos Mercury Drug gift certificate**.

Kasabay ng pagbibigay ng insentibo sa mga senior citizens na nagpabakuna ng kanilang mga booster dose ay ang pagbubukas din ng mga vaccination center sa iba't ibang mga health station sa lahat ng mga barangay sa buong lungsod.








# VALENZUELA, LIGTAS SA DENGUE!



Dahil sa biglaang outbreak ng mga kaso ng dengue sa bansa ay inilunsad ng DOH-MMCHD, sa pakikipagtulungan ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela, ang **Synchronized Dengue Clean-up Drive** sa lungsod noong Hunyo 24, 2022. Pinangunahan ng City Health Office ang paglalagay ng ***OviTraps*** sa iba't ibang lokasyon upang mahuli ang mga lamok na maaaring magkalat ng dengue sa lungsod. Pinaalala din ng DOH ang pag-obserba sa ***4S Preventive Measurements*** laban sa dengue.

1. **Search and destroy** mosquito breeding places.
2. **Self-protection measures** such as the use of long sleeves and mosquito repellants.
3. **Seek early consultation** when fever, rashes, headaches, vomiting and other symptoms arise.
4. **Say YES to Fogging** when there are outbreaks or clustering of cases.

**Dengue Cases by Month 2021 vs. 2022**
**Valenzuela City, January 1 to October 31, 2022**




| | January | February | March | April | May | June | July | August | September | October |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 2021 | 68 | 102 | 83 | 77 | 64 | 44 | 134 | 83 | 77 | 99 |
| 2022 | 54 | 63 | 76 | 84 | 113 | 248 | 494 | 614 | 456 | 183 |

# #WorkTBFree

## MANGGAGAWANG VALENZUELANO, LIGTAS SA TB!

Pinangunahan ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela, katuwang ang Department of Health (DOH), United States Agency for International Development (USAID), at Department of Labor and Employment (DOLE) ang pagsulong sa workplace na ligtas sa TB. Ang Lungsod ng Valenzuela ang kauna-uahang pamahalaang lokal na napili ng USAID na mabigyan ng iba't ibang kagamitan na maaaring magamit kontra TB. Layunin ng programang ito na tuluyang mawala ang kaso ng TB sa mga manggagawa ng lungsod. Sa kasalukuyan ay nakapagtala ang lungsod ng higit-kumulang **91% healing success rate** sa paglaban sa TB.



**45**
**TB-DOTS CENTER**


















VALENZUELA CITY
WES OLYMPICS
2022

# TAGISAN NG GALING NG MGA ATLETANG VALENZUELANO

Opisyal na binuksan ang kauna-unahang sports tournament ng lungsod na tinaguriang **WES Olympics**, noong Hunyo 5, 2022 sa WES Arena kung saan nagkaroon ng parada ang mga atletang Valenzuelano at nagpakitang gilas ang mga manlalaro ng Valenzuela Workhorses laban sa PBA All-Stars sa isang exhibition game.

Ang WES Olympics ay nilahukan ng mga kabataan mula sa **Sangguniang Kabataan ng 33 barangay ng lungsod**. Ito ay naglalayong palakasin ang sportsmanship, camaraderie at pagkakaibigan ng mga manlalaro at ng mga barangay.

















# VALENZUELA CITY MUSIC Festival 2022

Makalipas ang higit kumulang dalawang buwan ng mga palaro, opisyal na nagtapos ang **WES Olympics 2022** sa pamamagitan ng isang music festival kung saan nagtanghal ang ilan sa mga kilalang mang-aawit ng bansa tulad ni **Moira, Nobita, EZ Mil,** at **Heart Salvador.**

Nagkaroon din ng awarding ceremony kung saan pinarangalan ang mga atletang nanalo sa mga kompetisyon sa nasabing tournament.















## The Roll of Awardees

### Overall Champion
*Barangay Marulas*

**Darts**
*Dominique Lopez (Brgy. Malinta)*

**Billiards**
*Joshua Salalila (Brgy. Gen. T de leon)*

**Badminton Women's Singles**
*Juliana Romero (Brgy. Paso de Blas)*

**Badminton Men's Singles**
*Arjay Paduada (Brgy. Pulo)*

**Badminton Mixed Doubles**
*John Oliver De Guzman, April Joy Yepcengco (Brgy. Gen. T de leon)*

**Chess Women's Singles**
*Angeline Chey Grande (Brgy. Marulas)*

**Chess Men's Doubles**
*Daniel Mondares, Jethro Cedric Gicalao (Brgy. Coloong)*

**Chess Men's Top College**
*Gio Sabinay (Brgy. Rincon)*

**Chess Top High School**
*Jason Gabrielle Lim (Brgy. Dalandanan)*

**Basketball**
*Barangay Malinta Basketball Team*

**Women's Volleyball**
*Barangay Isla Volleyball Team*

**Men's Volleyball**
*Barangay Marulas Volleyball Team*












# WES ARENA WALL OF FAME

Binigyang-pugay ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela ang mga atletang Valenzuelano na nagkamit ng iba't ibang mga karangalan sa kanilang mga larangan sa pamamagitan ng **Wall of Fame** na siya ring binuksan kasabay ng WES Olympics 2022. Layunin ng Wall of Fame na magsilbing inspirasyon para sa mga kabataan at darating pang mga atletang Valenzuelano sa hinaharap.

## VALENZUELANO PARALYMPIAN MEDALIST SA 11th ASEAN PARAGAMES, KINILALA

PARALYMPIAN MEDALIST

Kinilala ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela ang mga **Valenzuelano Paralympian Medalists** na naghatid karangalan sa lungsod sa nakaraang **11th ASEAN Para Games** na ginanap sa Surakarta, Indonesia noong Agosto, 2022.



### Cecilio Bilog

***(Silver Medalist)***
Men's B1 Blitz Chess Team

***(Silver Medalist)***
Men's B1 Standard Chess Team

***PhP 37,500 incentive***



### Maria Teresa Bilog

***(Bronze Medalist)***
Women's B2/B3 Standard Chess Team

***(Bronze Medalist)***
Women's B2/B3 Rapid Chess Team

***PhP 25,000 incentive***

## Ang mga naparangalan sa WES Arena Wall of Fame:

1. **Marjorie Denise Manguiat** *(Fin swimming)*
2. **Jeniel Bata-anon** *(Esports)*
3. **Danerie James Del Rosario** *(Esports)*
4. **Salic Imam** *(Esports)*
5. **John Michael Pasco** *(Beach handball)*
6. **Brandhon Kyrielle Aquino** *(Sailing)*
7. **Noelito Jose Jr.** *(Fencing)*
8. **Jessica Canabal** *(Taekwondo)*
9. **Fernando Jose Casares** *(Triathlon)*
10. **Kenneth San Andres** *(Motocross)*
11. **2nd District Councilor Kristian Rome "Tyson" Sy** *(F3 Racing)*
12. **Edna Ponelas-Carpio** *(Track and Field)*
13. **Warren Davadilla** *(Cycling)*
14. **Liza Clutario** *(Bowling)*
15. **Almond Vosotros** *(Basketball)*
16. **Jose Francisco** *(Basketball)*
17. **Mar Morelos** *(Basketball)*
18. **Bobby Jose** *(Basketball)*
19. **Macky De Joya** *(Basketball)*
20. **Gerald Esplana** *(Basketball)*
21. **Pol Herrera** *(Basketball)*
22. **Rudy Lalota** *(Basketball)*
23. **Virgilio Abarrientos** *(Basketball)*
24. **Fernando Cabanela** *(Boxing)*



*mag-WESxercise tayo!*

# UNIFORMED PERSONNEL FITNESS PROGRAM

Isa sa inisyatibo ni Mayor WES Gatchalian ang pagkakaroon ng mga uniformed personnel na handa sa anumang oras ng sakuna. Kaugnay nito, inilunsad ang **Mag-WESxercise Tayo! Uniformed Personnel Fitness Program** na siyang magpapatibay at magpapalakas ng pisikal na pangangatawan ng mga uniformed personnel ng lungsod. Kabilang sa programang ito ang mga kawani ng **Philippine National Police (PNP)**, **Valenzuela City Disaster Risk Reduction and Management Office (VCDRRMO)**, **Bureau of Jail Management and Penology (BJMP)**, at **Bureau of Fire Protection (BFP)**.













# 2022 MEGA ZUMBA

*mag-WESxercise tayo!*

Bilang bahagi ng selebrasyon ng kaarawan ni Mayor WES Gatchalian ay isinagawa ang **2022 Mega Zumba** noong Agosto 13, 2022 sa WES Arena kung saan higit-kumulang 2,000 zumba enthusiasts ang dumalo para makilahok sa nasabing aktibidad. Ito ay pinangunahan ng celebrity dance couple na sina Jopay at Joshua Zamora.

EKONOMIYA




# TULOY ANG PROGRESO

Sa mga nagdaang administrasyon ay nasimulan na ang pag-unlad ng lungsod sa iba't ibang aspeto ng ekonomiya. Patunay rito ang tagumpay ng ilan sa mga pang-ekonomiyang programa ng lungsod tulad ng Paspas Permit at 3S Plus in Public Service. Sa unang termino ng bagong administrasyon ay nakita na ang patuloy na progreso ng lungsod, kaakibat ang mga inisyatibong pagtatayo at pagbubukas ng mga makabago at modernong mga pasilidad na makakapagpaganda at makakapagpabilis pa ng mga serbisyo ng pamahalaang lungsod.







**SELYO NG KAHUSAYAN SA SERBISYO PUBLIKO 2022**
***ANTAS II***

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO · 1991 ·




## YEAR-ON-YEAR GROWTH IN LOCALLY SOURCED REVENUES FOR FY2020-FY2021

| Rank | Name of LGU | 2020 LSR[7] (in Php Million) | 2021 LSR (in Php Million) | YoY Growth |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Malabon City | 1,020.92 | 1,291.27 | 26.5% |
| 2 | Valenzuela City | 3,421.16 | 3,890.31 | 13.7% |
| 3 | San Juan City | 1,731.86 | 1,952.05 | 12.7% |
| 4 | Quezon City | 21,757.31 | 22,915.97 | 5.3% |
| 5 | Taguig City | 10,259.53 | 10,753.58 | 4.8% |

## COLLECTION EFFICIENCY (CE) OF LOCALLY SOURCED REVENUES

| Rank | Name of LGU | Target (in Php Million) | LSR Collections (in Php Million) | CE |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Taguig City | 7,269.90 | 10.753.58 | 147.9% |
| 2 | Valenzuela City | 2,852.21 | 3,890.31 | 136.4% |
| 3 | Muntinlupa City | 2,871.21 | 3,728.05 | 129.8% |
| 4 | San Juan City | 1,616.06 | 1,952.05 | 120.8% |
| 5 | Navotas City | 755.84 | 883.17 | 116.8% |

## BUREAU OF LOCAL GOVERNMENT FINANCE (BLGF) AWARDS




**Top 2**
Collection Efficiency of Locally Sourced Revenues




**Top 2**
Year-on-Year Growth Rate of Locally Sourced Revenues




**10th**
Highest Locally Sourced Revenues




**22nd NATIONAL PESO CONGRESS AWARD**
Bayanihan Service Plaque of Appreciation




# THE NEW FINANCE CENTER BUILDING

Ginanap noong ika-17 ng Oktubre, 2022 ang groundbreaking ceremony ng **Bagong Finance Center Building** at **Bagong Legislative and People's Center Building** na itatayo sa loob ng City Hall compound. Pinangunahan ito ni Mayor WES Gatchalian kung saan ipinagmalaki niya ang mga makabago at modernong pasilidad na nilalaman ng mga gusaling ito. Alay ito ng pamahalaang lungsod sa 13,000 nitong manggagawa para mas maging episyente at mabilis pa ang mga serbisyong ihahatid nito sa mga Valenzuelano.

*Target Date of Completion:* ***1st Quarter of 2025***









*Project Cost:* **Php 295,120,778.62**
*No. of Storeys:* **No. of Storeys: 6 Storeys with Basement Parking (91 car slots; 32 motorcycle slots)**
*Total Floor Area:* **11,199.64 sq. meters**













*Project Cost:* **Php 334,860,629.87**
*No. of Storeys:* **4 Storeys with 2 Basement Parking (66 car slots; 81 motorcycle slots)**
*Total Floor Area:* **10,279.65 sq. meters**

# THE NEW **LEGISLATIVE AND PEOPLE'S CENTER BUILDING**



# MAYOR WES BIRTHDAY MEGA JOB FAIR

Nagsagawa ang pamahalaang lungsod, sa pamamagitan ng Public Employment Service Office (PESO), ng isang **Mega Job Fair** noong Agosto 12, 2022 bilang parte ng pagdiriwang ng kaarawan ni Mayor WES Gatchalian. Ginanap ito sa ALERT Multi-Purpose Center kung saan umabot sa **446** ang bilang ng mga aplikante na natanggap agad sa araw ng job fair.

| | LOCAL | OVERSEAS | TOTAL |
|---|---|---|---|
| Bilang ng Employers | 31 | 9 | 40 |
| Bilang ng Job Vacancies | 3,891 | 1,800 | 5,691 |
| Bilang ng Aplikante | 1,670 | | 1,670 |
| Bilang ng Natanggap | 446 | -- | 446 |








# CIVIL SERVICE MONTH MEGA JOB FAIR



Isang **Civil Service Month Mega Job Fair** naman ang idinaos sa WES Arena noong Setyembre 30, 2022. Naisagawa ang job fair na ito sa pakikipagtulungan ng pamahalaang lungsod sa Department of Labor and Employment (DOLE), Public Employment Service Office (PESO), Department of Migrant Workers – Pre-Employment Orientation Seminar (DMW-PEOS), Philippine Statistics Authority (PSA), Bureau of Internal Revenue (BIR), PAG-IBIG FUND, Philippine Health Insurance Corporation (PHILHEALTH), Bureau of Jail Management and Penology (BJMP), at Overseas Workers Welfare Administration (OWWA). Umabot sa **535** ang bilang ng mga aplikanteng natanggap sa araw ng job fair.




| | LOCAL | OVERSEAS | TOTAL |
|---|---|---|---|
| Bilang ng Employers | 48 | 7 | 55 |
| Bilang ng Job Vacancies | 3,108 | 1,400 | 4,508 |
| Bilang ng Aplikante | 1,006 | | 1,006 |
| Bilang ng Natanggap | 535 | -- | 535 |




> **Ginawa po nating priority ang transport sector ng ating lungsod dahil isa po ito sa pinakanaaapektuhan ng pandemya at kayo po ang dahilan kung paano tayo nakabangon sa pandemyang ito, kung wala po ang mga tricycle drivers ay malamang na mas malaki po ang problema natin dito sa lungsod.**
>
> *- Mayor WES Gatchalian*

# TULONG SA MGA TODA: FUEL SUBSIDY

Bilang bahagi ng unang isandaang araw ng bagong administrasyon ay namahagi ang pamahalaang lungsod ng **PhP 500 fuel subsidy voucher** sa mga miyembro ng iba't ibang mga Tricycle Operators and Drivers Association (TODA) sa lungsod. Ito ay upang magsilbing tulong sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin dulot ng nagdaang pandemya. Umabot ng **7,424 tricycle drivers** ang natulungan ng nasabing programa.














# TULOY ANG PAGYABONG NG LUNGSOD

Ang Valenzuela ay nasa yugto ngayon ng pagpapayabong sa mga tinatamasa ng maunlad at kaayaayang buhay sa lungsod. Upang patuloy at higit pang matamasa ng mga Valenzuelano ang progreso, hinango ang mga konkretong batayan ng pamumuno mula sa mga nagdaang taon, at isinalang ang mga epektibong proyekto.

Sa pagdurugtong ng mga nakamit na at maipagpapatuloy pang tagumpay, isinulong ng lokal na pamahalaan ang City Development Plan, tampok ang **Proyektong Kakaiba** na nagbibitbit ng mahuhusay na serbisyo at pag-sasaayos sa lungsod. Kaakibat nito ang kaliwa't kanang pagtatayo at pagpapabuti ng mga pasilidad, establisyimento, parke, at eco-tourism zone.

Ang rehabilitasyon ng **Valenzuela City Emergency Hospital (VCEH)**, ang pagbubukas ng **Fatima Ave**, ang inaabangang **Arkong Bato Park**, ang mga bagong **3S Center** sa **Canumay West** at **Mapulang Lupa**, **Multi-purpose Hall** sa **Bisig** at **Malanday**, at ang pagrerehabilita ng **Tagalag Fishing Village** ay ilan sa paraan ng pagbibigay ng kabuhayan sa mga residente rito.









# Bisig Barangay Hall

Bilang pagsulong sa siyentipikong pamamahala, itinayo ang bagong Bisig Barangay Hall, ang kauna-unahang **solar-powered** na barangay hall sa lungsod.

**Barangay Bisig Hall Three-storey Building**

*Project Cost:* **PhP 4, 846, 399.78**

- **116.2** Square Meter Lot
- **348.6** Total Floor Area
- **24** Units
- **450** watts (W) **SERAPHIM** solar panels

*Ang 26 na taong gusaling ito ay mayroong 24 na yunit ng 450 watts (W) na SERAPHIM solar panels na kayang magbigay ng hanggang sa 10,800 kWh ng kuryente na maaaring magamit sa pasilidad.*







# MGA BAGONG PASILIDAD | PARA SA MAS MALAWAK NA PAG-UNLAD




The New 3S Mapulang Lupa



Inauguration and blessing:
3S Canumay West and 3S Mapulang Lupa






The New 3S Canumay West

Nakatatak na sa mahabang kasaysayan ng Lungsod ng Valenzuela ang pagtatayo ng mga **3S (Sentro ng Sama-samang Serbisyo) Center**. Nagiging mas aksesibol pa ang 3S Centers na nagsisilbi para sa mas malawak na desiminasyon at mabilis na pag-aksyon tuwing may kalamidad, krisis, at emergency.

Inilunsad ang mga bagong 3S Centers sa **Mapulang Lupa** at **Canumay West** noong Hulyo 2022. Ito ang ika-25th at ika-26th 3S Centers na mayroong mga pasilidad gaya ng **Barangay Hall**, **SK Office**, **Serbisyo Center**, **Daycare Center**, **Mega Health Center**, **Botika ng Bayan**, **Fire Sub-station**, at **Multi-Purpose Hall**.

Sa pagsusulong ng siyentipikong pamamahala, itinayo ang bagong **Bisig Barangay Hall**, ang kauna-unahang **solar-powered barangay hall** sa lungsod.






**Malanday Multi-Purpose Hall** (650 m²) Project Cost: **PhP 7, 767, 179. 90**






**Lawang Bato Multi-Purpose Hall** (464 m²) Project Cost: **PhP 7,759,569.46**






**Balikatan Samahan ng Mapulang Lupa Home Owners Association** (600 m²) Project Cost: **PhP 7, 761, 494. 96**





**Mabolo Multi-Purpose Hall** (160 m²) Project Cost: **PhP 1, 956, 810. 32**





**Dalandanan Multi-Purpose Hall** (700 m²) Project Cost: **PhP 4, 856, 834. 73**





**Filrezam Multi-Purpose Hall** (160 m²) Project Cost: **PhP 1,959,965.08**





**Sacred Heart Subdivision Multi-Purpose Hall** (200 m²) Project Cost: **PhP 4, 852, 693. 22**






**Bartolome Subdivision Multi-Purpose Hall** (700 m²) Project Cost: **PhP 4, 860, 702. 22**

SOCIAL SERVICES

# TULOY ANG KALINGA



Dama ng mga Valezuelano ang pagkalinga ng Pamahalaang Lungsod sa pamamagitan ng mga programa at inisyatibo na nakapaghahatid ng suporta at tulong pagbangon sa mga Solo Parents, Persons with Disability (PWD), Senior Citizens, at mga indibidwal o pamilya na kinikilala bilang indigent.

Ang lokal na pamahalaan ay patuloy na nag-iisip ng mga inobasyon at makabuluhang proyekto na mapapakinabangan ng mga mamamayan nito, dahil ang kapakanan ng bawat Valenzuelano ang isa sa mga prayoridad ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela.




**2022 MOST VALUABLE PARTNER AWARD**




**RECOGNITION FOR GENDER AND DEVELOPMENT (GAD) PROGRAMS**




**90.82% 2019 CHILD-FRIENDLY LOCAL GOVERNANCE AUDIT (CFLGA)**




**88.03% 2021 CHILD-FRIENDLY LOCAL GOVERNANCE AUDIT (CFLGA)**






## NATIONAL CHILDREN'S MONTH 2022

Inihayag ni Mayor WES Gatchalian ang kanyang kauna-unahang **State of the Children Address (SOCA)** sa kanyang administrasyon sa culminating activity ng National Children's Month sa Valenzuela City People's Park Amphitheatre, Nobyembre 26.

Kasabay ng SOCA ay ang **Parada ng Pangarap** kung saan ginanap ang malaking parada ng mga pangarap ng mga bata sa pamamagitan ng pagsuot ng costume ng kanilang pangarap na karera.




# GOVERNMENT INNOVATION EXCHANGE PROGRAM

Ang partnership ng New Zealand sa pangunguna ni Ambassador to the Philippines, His Excellency, Peter Kell at Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela ay nagsimula nang ang dalawa ay pumirma ng kasunduan upang kilalanin ang importansiya ng inobasyon para sa pampublikong sektor sa pamamagitan ng **GovTech Acceleration Programme** of the Creative HQ, New Zealand. Layunin ng inisyatibong ito na maayos na maihatid ang mga serbisyo ng lungsod














Ang **City Social Welfare and Development Office (CSWDO)** ay lumikha ng four-people group ng mga social worker na sumailalim sa labindalawang linggo ng mga workshop mula sa mga innovation coach ng Creative HQ kung saan nagawa nilang ilapat ang mga tool at proseso ng inobasyon na nakasentro sa tao, upang lumikha ng mas mahusay na mga sistema para sa humihingi ng Assistance to Individuals in Crisis Situations ( AICS).





Ang aplikasyong ito ay isang stepping stone para sa kinabukasan ng **paperless transaction** sa City Hall na maaaring makatulong upang mabawasan ang dami ng mga kliyenteng nakapila sa tanggapan ng CSWDO.



Ang apat na tao mula sa CSWDO ay sumailalim sa 12 linggo ng mga workshop kasama ang mga innovation coach ng Creative HQ ay nakabuo ng isang abot-kaya, madali at makabagong ideya sa pamamahala na tinatawag na **DotBot** – isang AI messaging platform na inspirasyon mula sa pinuno ng CSWDO ng Valenzuela na si Ms. Dorothy Evangelista.




Ang **Dotbot** ay isang chatbot sa ilalim ng Facebook Messenger application na ginagamit upang malaman ang mga kinakailangang papeles sa pag-aapply para sa iba't ibang serbisyo sa kapakanang panlipunan bago ang personal na pagpunta sa opisina ng CSWD upang magsumite.








# Pasko sa Hulyo para kay LOLO at LOLA

Bilang maagang pamasko para kina lolo at lola, ang Pamahalaang Lungsod ay namahagi sa tinatayang **61,211** na **senior citizen** ng tig-dalawang bag ng limang kilong bigas. Ito ay taunang programa ng lungsod para sa mga rehistradong lolo at lola ng lungsod. Bukod sa **Pasko sa Hulyo** ay meron din silang **Pamaskong Handog** at nakatatangap naman sila ng "Noche Buena" package tuwing buwan ng Disyembre.








# SOLO PARENTS, 'DI NA NAG-IISA

Nasa **54** na **kwalipikadong Valenzuelano Solo Parents** ang nakatanggap ng **Educational Assistance** mula sa lokal na pamahalaan bilang suporta sa pag-aaral ng kanilang anak na nasa kolehiyo. Sila ay sumailalim sa home visitation bilang hakbang at patunay na sila ay kwalipikadong benepisyaryo ng programa. Ang mga Solo Parents ay nakatakdang makatanggap ng **hindi hihigit sa Php 10,000 kada taon**, o **halagang PhP 5,000 kada semestre**.














Ang mga rehistradong **Solo Parents** ng lungsod ay nagsimula nang makatanggap ng Solo Parent ID bilang tanda ng patuloy na suporta ng lokal na pamahalaan sa kanila. Halaw mula sa bagong lagdang batas na **Expanded Solo Parents Welfare Act of 2022**.



# VALENZUELANO CENTENARIANS

Bilang selebrasyon ng **"Elderly Filipino Week",** kinilala ng lokal na pamahalaan ang anim na '**Centenarians'** sa lungsod. Alinsunod sa **City Ordinance No. 653, Series of 2020**, sila ay tumanggap ng insentibo na nagkakahalaga ng **PhP 50,000** maliban pa sa kanilang natanggap mula sa pamahalaang nasyunal na **PhP 100,000**.





# BAGONG BAHAY, BAGONG BUHAY



Para sa mas mabisang pagpupunla ng bagong buhay at disiplina sa mga mamamayan ng Valenzuela, pangako ng lokal na pamahalaan na palaguin pa ang mga proyektong pabahay. Hangaring mabawasan at matugunan ang Valenzuelano Informal Settler Families (ISF), maging ang magpanday ng panibagong landas at direksiyon para sa mga pamilya. Ito ang magbubunsod sa makatarungan, ligtas at progresibong lungsod.

DILG

RESETTLEMENT GOVERNANCE

## 2020 RGAF *Awarding and Recognition*










**BEST IN FUND UTILIZATION**
City of Valenzuela

**BEST LGU PARTNER**
Successful Implementation of the 2020 Resettlement Governance Assistance Fund (RGAF)

**MOST ACTIVE HOA**
- Disiplina Village Bignay HOA
- Disiplina Village Ugong HOA



# DISIPLINA Village BIGNAY CLOSING CEREMONY

Sa sigasig ng lokal na pamahalaan kasama ang **National Housing Authority (NHA)**, natapos ang relocation program at isinagawa ang closing ceremony ng **Disiplina Village Bignay** noong Hulyo 2022. Kasalukuyang inookupahan ito ng 3,300 na ISF, at nadagdagan pa ang mga benepisyaryo ng **1,200 pamilyang Valenzuelano** na naninirahan noon sa dangerous zones. Binubuo ang nakumpletong panglimang site ng **15 na gusaling may 522 yunit**.

# STUDY TOUR SA SINGAPORE

Nakiisa ang Lungsod ng Valenzuela, sa pangunguna ni Mayor WES Gatchalian sa **9th Temasek Foundation Leaders in Urban Governance Programme 2022**. Bilang kaisa-isang kwalipikadong lungsod sa Pilipinas, tinalakay at pinag-aralan ang best practices ng bansang Singapore. Kabilang na rito ang housing at integrated master plan development na siyang planong tularan ng Punong Lungsod para sa mga bagong Disiplina Villages ng lungsod.






PEACE and ORDER

# TULOY ANG KAAYUSAN SA SIYUDAD NA LIGTAS-SIGURADO

Sa kanyang unang isandaang araw, isa sa mga unang hakbangin ng Bagong Ama ng Lungsod na si Mayor WES Gatchalian ang pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan sa Lungsod ng Valenzuela.

Naglunsad ng iba't-ibang proyekto na may layuning palakasin ang pwersa ng mga uniformed personnel. Ang ganitong uri ng mga pagsasanay ay malaking tulong upang lalong mahubog ang kakayahan ng mga awtoridad na nagpapatupad ng batas.

Sapagkat ang pangkat ng kapulisan ay ginaganapan ang isang mahalagang papel sa pagpapanatili ng kaayusan, nais ng Lokal na Pamahalaan na mabigyan ng atensyon ang kanilang bawat pangangailangan.




## VALENZUELA POLICE STATION MOST EFFICIENT UNIT IN CAMANAVA

City Police Station (VCPS) was recognized as the Most Efficient unit in CAMANAVA area for the implementation of the intensified Cleanliness Policy (ICP)




## TOP PERFORMER FOR INFORMATION, EDUCATION, & COMMUNICATION (IEC) AND INSTITUTIONAL ARRANGEMENTS CLUSTER

2022 LGU Compliance Assessment - Manila Bay Clean Up, Rehabilitation, and Preservation Program




## HIGHLY COMPLIANT

Assessment - Manila Bay Clean Up, Rehabilitation, Preservation Program




**FUNCTIONAL RATING**

Local Peace and Order Council Performance Audit covering 2019 and 2021

**TOP PERFORMER FOR INFORMAL SETTLERS FAMILIES CLUSTER**

2022 LGU Compliance Assessment - Manila Bay Clean Up, Rehabilitation, and Preservation Program

**MODERATE FUNCTIONAL RATING**

2022 Anti-Drug Abuse Council Performance Audit, Highly Urbanized City Category

**3RD PLACE BRGY. MAPULANG LUPA**

2022 Lupong Tagapamayapa Incentives Awards







## BULLET ALLOWANCE

Bilang suporta sa pagpapaigting ng seguridad at kaligtasan ng mga mamamayan sa Lungsod ng Valenzuela, pinagkalooban ng Lokal na Pamahalaan ang **Valenzuela City Police Station (VCPS)** ng **25,000 rounds ng 9mm na bala**. Ito ay kabilang sa unang isandaang araw ni Mayor WES Gatchalian mula sa kanyang pagkakaupo sa posisyon. Layunin ng inisyatibong ito na mas lalong palakasin ang alyansa sa pagitan ng tropa ng kapulisan at lokal na pamahalaan.







## KAPULISANG MAY KASANAYAN

Sa patuloy na pagtataguyod ng kapayapaan at kaayusan ng bagong administrasyong pinamumunuan ni Mayor WES Gatchalian, inilunsad ang **Police Markmanship Training** noong Setyember 28, 2022, kasabay ng pagbibigay ng 25,000 rounds ng 9mm na bala sa kapulisan ng Valenzuela City Police Station (VCPS). Ito ang isa sa mga hakbang na naisip ng lokal na pamahalaan upang hasain ang kasanayan ng pwersa ng kapulisan sa lungsod sa paggamit ng baril. Bukod dito, kailangan din ang mga ganitong uri ng pagsasanay upang mas maging epektibo at mabisa ang mga kapulisan sa pagpapanatili ng kaayusan sa Lungsod ng Valenzuela.














## UN SPECIAL RAPPORTEUR ON SALE AND SEXUAL EXPLOITATION OF CHILDREN

Mapalad ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela bilang isa sa mga lungsod na napiling bisitahin ng **United Nations Special Rapporteur on Sale and Sexual Exploitation of Children, Ms. Mama Fatima Singhateh** noong Nobyembre 30, 2022 .

Sa isang diyalogo ay inihayag ni Vice Mayor Lorie ang karanasan ng lungsod sa pagpapatupad ng mga batas paukol sa sale and sexual exploitation of children.

Nabigyan ng pagkakataon si Ms. Mama Fatima Singhateh na mabisita ang isa sa mga LGU-run shelter ng lungsod, ang Bahay Kalinga.



**"One child victim of sexual abuse is one too many, the aim is to ensure that no child is a victim of sexual abuse and exploitation, so I would like to see how your laws and policies are applied and practiced on the ground.**

*- Ms. Mama Fatima Singhateh*



## SISTERHOOD WITH MUNICIPALITY OF CORTES, SURIGAO DEL NORTE

Upang palawigin ang kapatiran sa pagitan ng Lungsod ng Valenzuela at Munisipalidad ng Cortes, Surigao Del Norte, nilagdaan ng magkabilang panig ang sisterhood agreement noong Agosto 7, 2022. Sa bisa ng **Resolution No. 1507, Series of 2019**, opisyal nitong ipinapahayag ang mas matatag na relasyon sa pagitan ng dalawang lokalidad. Bukod sa pagpapalakas ng alyansa, layunin ng kasunduang ito na lalong paunlarin ang kanilang nasasakupan sa pamamagitan ng pagpapalitan ng mga ideya at inisyatibo. Itinanghal bilang pang-pitumpu't apat na kapatid sa pamamahala ng Lungsod ng Valenzuela ang Munisipalidad ng Cortes, Surigao Del Norte.

Ang Lungsod ng Valenzuela at ang Lungsod ng Ormoc, Leyte ay opisyal na nilagdaan ang kasunduan ng pagkakapatiran bilang pagsunod sa **Resolution No. 2566, series of 2022**, noong Setyembre 8, 2022. Layunin ng nilagdaang kasunduan na magsilbing mapagkalingang kamay ang bawat isa upang lalong paunlarin ang kani-kanilang Lungsod. Mula rito, ang dalawang nabanggit na mga lungsod ay maaaring magpalitan ng ideya at inisyatibo upang mas mapaganda ang kanilang nasasakupang lungsod at maipagpatuloy ang progreso sa kanilang lugar. Ang Ormoc City, Leyte ay ang ika-75 sa hanay ng Sister Cities at Municipalities ng Lungsod.



## SISTERHOOD WITH CITY OF ORMOC, LEYTE







VALENZUELA CITY CARES

## #ValenzuelaCityCares for Quezon Province

Sa ilalim ng programang **VC Care Plus**, ang Lokal na Pamahalaan ng Valenzuela ay naghatid ng tulong pagbangon para sa mga nasalanta ng bagyong Karding, partikular na ang Quezon Province. Ito ay alinsunod sa naaprubahang **Resolution No. 2587, series of 2022**, na nagbibigay ng awtoridad kay Mayor WES Gatchalian na magbigay ng tulong pinansyal o kahit anumang uri ng tulong na nagkakahalaga ng apat na milyon at tatlong daang piso **(PhP 4,300,000.00)** bilang alalay sa mga lubhang naapektuhan ng nagdaang bagyong Karding, partikular na ang mga Munisipalidad mula sa Quezon Province – Polilio, Panukulan, Patnanungan, Burdeos, Jomalig, General Nakar.







# DONATE BLOOD, SAVE LIVES

Kasabay ng pagdiriwang ng Ama ng Lungsod na si Mayor WES Gatchalian ng kanyang kaarawan, nagsagawa ang Philippine Red Cross (PRC) ng **two-day Mass Blood Donation** na nilahukan ng mga kawani mula sa Philippine National Police (PNP) – Valenzuela, Bureau of Jail Management and Penology (BJMP), Bureau of Fire Protection (BFP), Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV) at iba pang kagawaran ng Lokal na Pamahalaan ng Valenzuela. Ang isinigawang pagbibigay ng dugo ng PRC ay nakakolekta ng **232 units ng dugo**. Ang mga dugong naipon mula sa mga volunteer ay pansamantalang inilagak sa blood bank upang may mapagkuhanan ng dugo kung sakaling kailanganin man.






# MAID IN MALACAÑANG

Bilang pagpapakita ng suporta sa administrasyon ni Pangulong Ferdinand Marcos, Jr., ang Lungsod ng Valenzuela na pinangungunahan ni Mayor WES Gatchalian ay nagsagawa ng **Film Showing** at ipinalabas ang pelikulang **Maid in Malacañang**. Ang pelikulang ito ay naglalarawan sa huling 48 oras ng pamilyang Marcos sa Malacañang.



# LUNGSOD NA AKTIBO, LUNGSOD NA PROGRESIBO

Aktibong nakikibahagi ang Lungsod ng Valenzuela sa bawat sesyon upang masusing balangkasin ang bawat programa na sosolusyon sa suliraning panglungsod. Si Mayor WES Gatchalian ay nahirang na **Focal Mayor for Legislative Affairs**. Ang **League of Cities of the Philippines (LCP)** ay ang opisyal na organisasyon ng lahat ng mga lungsod sa Pilipinas na kinabibilangan ng Valenzuela City. Ito ay nabuo sa bisa ng Republic Act 7160, kilala bilang Local Government Code of 1991 upang ipahayag o talakayin ang mga isyu na nakakaapekto sa pamamahala ng lungsod at magbigay ng kaukulang mga solusyon.





# BAYAN BANGON MULI

Si Pangulong Ferdinand Marcos, Jr., ay nahalal bilang ika-17 na pangulo ng Pilipinas. Isa sa isinusulong sa kanyang administrasyon ay ang **PAGKAKAISA**, ito ang nais niyang makamit sa loob ng anim na taon ng kanyang panunungkulan bilang ama ng bansa. Sa kanyang unang pagharap sa mga Pilipino bilang Presidente, inilatag niya ang ilan sa kanyang mga plano sa kanyang **SONA** upang makapagbigay ng mas maayos na pamumuhay sa lahat at maging mitsa ng progreso sa bansa.







# City Council at WORK

**Ito ang ilan sa mga ordinansang naipasa ng 9th City Council (Sangguniang Panlungsod) para sa patuloy na pagpapaunlad ng Lungsod.**

## Ordinance No. 1027, Series of 2022

An ordinance establishing and institutionalizing the Valenzuela City Project Ayos! Program providing for its functions, procedures for other purposes.






## Ordinance no. 1029, Series of 2022

An ordinance granting incentives to all eligible Valenzuela senior citizens who will heed the city government's call to participate in Valenzuela City COVID-19 vaccination program dubbed as "Valenzuelano Progresibo, Dapat Bakunado" and appropriating funds therefore.

## Ordinance No. 1038, Series of 2022

An ordinance amending section 7 of ordinance no. 783, series of 2020 otherwise known as "an ordinance instituting the Valenzuela tracing application (ValTrace)" as amended, providing for the guidelines for the use of the alert level status.






## Ordinance no. 1043 & 1053, Series of 2022

An ordinance providing for a one-time fuel subsidy to all Valenzuela city franchised for-hire tricycles on account of the recent unprecedented increase of fuel prices, providing for funds therefore and for other purposes, subject to existing auditing and accounting rules and regulations.

## Ordinance no. 1049, Series of 2022

An ordinance allowing the voluntary wearing of facemasks in outdoor settings in the City of Valenzuela and reiterating the continued implementation of minimum public health standards during the state of public health emergency relative to the COVID-19 pandemic







## Ordinance no. 1052, Series of 2022

An ordinance prescribing the guidelines on the cancellation or suspension of classes and work in schools and colleges in the event of disasters and natural calamities in the city of Valenzuela.

### AUTOMATIC CLASS SUSPENSION ORDINANCE

Ordinance No. 1052, Series of 2022

**PARA SA PRE-SCHOOL/KINDER, ELEMENTARY, JUNIOR HIGH SCHOOL, AT SENIOR HIGH SCHOOL**

*Public at Private Schools, kabilang ang Community Learning Centers*

| TYPHOON / BAGYO | |
|---|---|
| Signal No.2,3,4, at 5 | WALANG PASOK *(in-person at online classes)*** |
| **HEAVY RAINFALL / MALAKAS NA PAG-ULAN** | |
| Yellow, Orange, at Red Rainfall Warning | WALANG PASOK *(in-person at online classes)*** |
| **FLOOD / BAHA** | |
| May Flood Warning | WALANG PASOK *(in-person at online classes)* |
| **EARTHQUAKE / LINDOL** | |
| PHIVOLCS Earthquake Intensity Scale V pataas | WALANG PASOK *(in-person at online classes)* |

**Ang mga teaching school personnel, kabilang ang ALS teachers, at non-teaching school personnle sa mga paaralan, Division at Regional Offices, at Central Office ay hindi kinakailangang pumasok sa oras ng kalamidad, maliban na lamang sa mga empleyado ng security, safety, finance, engineering,sanitation, health, at disaster response.**

**Gayunman, dapat handa ang mga paaralan na magpatupad ng remote work na may measured outout**

Para sa mga lugar na nakararanas ng sakuna na hindi sakop ng mga nabanggit na panuntunan, ang Lokal Chief Executive ng LGU ang magdedesisyon ukol sa pagkansela ng mga klase base sa rekomendasyon ng Local Disaster Risk Reduction and Management Council.

Maari din magkansela ng klase ang mga School Principal kung ang istruktura ng paaralan ay naging delikado dahil sa isang lindol.

### AUTOMATIC CLASS SUSPENSION ORDINANCE

Ordinance No. 1052, Series of 2022

**PARA SA COLLEGE**

*State/Local at Private Colleges/Universities*

| TYPHOON / BAGYO | |
|---|---|
| Signal No.1 | Walang in-person classes ngunit mayroon pa ring online classes* |
| Signal No.2,3,4, at 5 | WALANG PASOK *(in-person at online classes)*** |
| **HEAVY RAINFALL / MALAKAS NA PAG-ULAN** | |
| Yellow Rainfall Warning | Walang in-person classes ngunit mayroon pa ring online classes* |
| Orange at Red Rainfall Warning | WALANG PASOK *(in-person at online classes)*** |
| **FLOOD / BAHA** | |
| May Flood Warning | WALANG PASOK *(in-person at online classes)* |
| **EARTHQUAKE / LINDOL** | |
| PHIVOLCS Earthquake Intensity Scale V pataas | WALANG PASOK *(in-person at online classes)* |

***Ang school head o administrator ang magdedesisyon ukol sa pagsuspinde ng trabaho sa colleges at universities (teaching at non-teaching).**
****Suspendido ang trabaho sa colleges at universities (teaching at non-reaching).**

Para sa mga lugar na nakararanas ng sakuna na hindi sakop ng mga nabanggit na panuntunan, ang Lokal Chief Executive ng LGU ang magdedesisyon ukol sa pagkansela ng mga klase base sa rekomendasyon ng Local Disaster Risk Reduction and Management Council.

Maaari din magkansela ng klase ang mga School Principal kung ang istruktura ng paaralan ay naging delikado dahil sa isang lindol.

Tuloy ang PROGRESO, Valenzuela!


**CITY GOVERNMENT OF VALENZUELA**

MacArthur Highway, Barangay Karuhatan, Valenzuela City, Metro Manila, Philippines 1440

**8 352.1000 • 8 292.0211**

www.valenzuela.gov.ph info@valenzuela.gov.ph Valenzuela City @valenzuelacity